ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

WORD WED WIZARDS: PAGLINANG NG KAKAYAHANG UMUNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 8

Aniñon Jessel A[1], Dabon Rechel Mae A[2], Suico Allyza P.[3]
[123]*Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22670
DOI No: 10.36713/epra22670

ABSTRAKSYON

Ang pag-unawa sa binasa ay mahalagang kasanayan sa pagkatuto na nananatiling hamon para sa maraming mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang bisa ng Word Web Wizard, isang estratehiyang nakabatay sa paggamit ng mga graphic organizer, sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahusay ng kakayahang umunawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Sampao Integrated School. Gumamit ang mga mananaliksik ng descriptive qualitative design upang mailahad ang mga karanasan, pananaw, at pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang instrumento sa pananaliksik ay isang researcher-made questionnaire na sumukat sa antas ng pag-unawa gamit ang mga context clues. Sa pamamagitan ng pre-test at post-test, sinuri ang epekto ng Word Web Wizard sa antas ng pagkatuto ng mga kalahok. Ipinakita sa resulta, may makabuluhang pagkakaiba sa marka ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral, $t(29) = 17.8340$, $p < .001$. Tumaas ang mean score ng mga mag-aaral mula 60.87% sa pre-test tungo sa 78.43% sa post-test, na may makabuluhang pagkakaiba ($p < .001$). Lumabas din sa mga panayam na mas naging madali, kasiya-siya, at makabuluhan ang pag-unawa sa mga salita para sa mga mag-aaral. Napatunayan sa pag-aaral na ang Word Web Wizard ay mabisang interbensiyon sa pagpapabuti ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral.

KEYWORDS: *Word Web Wizar, Pag-unawa sa Binasa, Context Clues, Graphic Organizer, Filipino sa Sekondarya, Philippines*

INTRODUKSYON

Ang kasanayan sa pag-unawa ng binasa ay mahalaga sa tagumpay ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Ayon kina Jimenez at Ocampo (2022), ito ay pundasyon hindi lamang ng pagkatuto sa wika kundi pati na rin sa mga asignaturang nangangailangan ng pagsusuri at kritikal na pag-iisip tulad ng agham, matematika, at araling panlipunan. Ipinakita rin nina Mariano et al. (2020) na ang sapat na oras at angkop na estratehiya sa pagbasa ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayang ito. Gayunpaman, ayon kina Gubalani et al. (2023), maraming mag-aaral ang patuloy na nahihirapang umunawa ng mahahabang teksto at komplikadong ideya, tulad ng ipinakita sa mababang resulta ng kanilang reading comprehension pre-test. Ipinapakita nito ang pangangailangan ng mas epektibong interbensyon sa pagtuturo ng pag-unawa sa binasa.

Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagbasa at pag-unawa sa iba't ibang panig ng mundo. Sa Ajloun National University sa Estados Unidos, natukoy na isa sa mga dahilan ng mababang kakayahan sa pagbasa ay ang labis na pagtuon ng mga guro sa pagsusuri ng salita at pangungusap kaysa sa mismong kasanayan sa pag-unawa (Abu Abeeleh et al., 2021). Sa Indonesia, lumalabas na ang kahirapan sa pagbabasa ay dulot ng mga salik tulad ng hirap ng teksto, kakulangan sa kaalaman sa iba't ibang genre, at kawalan ng estratehiya at motibasyon sa pagbasa. Dahil dito, nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsusulit, pagbibigay-kahulugan gamit ang kontekstuwal na palatandaan, at pag-unawa sa mas malalalim na teksto (Hakim et al., 2022). Samantala, sa Ghana, partikular sa New Juaben North, napag-alamang maraming mag-aaral ang hindi nagagamit ang pagbasa bilang kasangkapan sa pagkatuto. Ayon sa mga pag-aaral, 10% hanggang 17.5% ng mga mag-aaral ay may suliranin sa pagbasa, na nakaaapekto sa kanilang pag-unlad sa mas mataas na baitang (Lerner & Kline, 2006; Mercer & Mercer, 1989; Agbofa, 2023).

Samantala, Sa iba't ibang panig ng Pilipinas, lumilitaw ang mga suliranin sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa Western Philippines University sa Puerto Princesa City, natuklasan nina Idulog et al. (2023) na bagaman marunong bumasa ang mga mag-aaral, nahihirapan silang unawain ang kanilang binabasa at madalas ay hindi natutukoy ang pangunahing diwa. Sa Bulacan State University, ipinakita sa isang pag-aaral na naapektuhan ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya, kung saan bumaba ang kanilang kakayahang makaunawa ng binasa. Ayon kina Farha at Rohani (2019) na binanggit din nina Tatipang, Oroh, at Liando (2021), ang pagbasa ay isa sa pinakamahalagang kasanayan sa wika, kaya't dapat itong pagtibayin sa loob ng silid-aralan lalo na sa Junior High School. Sa Tocmo Integrated School naman sa Benguet, ayon kay Imam (2016), ilan sa mga dahilan ng mababang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ay ang kakulangan sa bokabularyo, hindi pagtukoy sa mahahalagang detalye, maling paghinuha, at panghuhula. Iminungkahi rin na upang mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa, kailangan ng mas maraming pagsasanay, aktibidad, at pagsusulit na magpapalawak sa kasanayang ito.

Sa Dibisyon ng Davao del Norte, partikular na sa Sampao Integrated School, nahihirapan ang mga mag-aaral sa ika-8 na baitang sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pag-unawa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

sa binasa. Ang kakulangan ng sapat na oras at pokus sa paghasa ng kakayahang maunawaan ang binasa sa kurikulum ng paaralan ay nagiging pangunahing hadlang sa pagpapalakas ng kasanayang ito sa mga mag-aaral. Bagama't may mga hakbang na ginagawa ang mga guro upang mapabuti ang kakayahang magbasa at mag-unawa ng mga mag-aaral, hindi pa rin ito sapat dahil marami pa rin sa kanila ang nahihirapan sa mga aspekto ng pag-unawa sa binasa sa mga malalalim na salita na nakakaapekto sa kanilang pagganap sa akademiko.

Sa ibang pag-aaral, tinalakay ng mga mananaliksik ang mga estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng binasang teksto. Sa pananaliksik nina Deluao et al. (2022) na pinamagatang *"Improving the Reading Comprehension of Grade 8 Learners Using 4Rs (Read, Retell, React, Reflect) Strategy"*, ginamit ang 4Rs upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa pag-unawa ng binasa. Isinagawa rin nina Velarde at Catoto (2022) ang *"Strengthening Reading Comprehension Skills Through Fluency-Oriented Reading Instruction (FORI)"* na nakatuon sa mga mag-aaral sa Baitang 5 na may kahinaan sa pagbasa sa wikang Ingles. Samantala, ang pananaliksik nina Caparos et al. (2024) na *"PEER UP! (Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer Tutoring)"* ay gumamit ng kolaboratibong pagkatuto upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa sekondarya. Bagama't kapwa nakatuon ang mga nabanggit na pag-aaral sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa, naiiba ang kasalukuyang pananaliksik dahil gumagamit ito ng graphic organizer o word web, kung saan inilalagay ang isang salita sa gitna at pinalilibutan ng mga kaugnay na salita. Sa ganitong paraan, mas aktibong natututo ang mga mag-aaral at mas napapalawak ang kanilang bokabularyo at kakayahang umunawa ng teksto. Ang mga nabanggit na pag-aaral ang nagsilbing batayan sa pagbuo ng kasalukuyang pananaliksik na layuning suriin ang epekto ng interbensyon sa pagpapalawak ng kasanayan sa pag-unawa ng binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Samapo Integrated School (SIS).

Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay may layunin na suriin ang bisa ng paggamit ng *Word WeB Wizard* bilang isang estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahusay ng kakayahang umunawa sa pagbasa. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga *web o graphic organizer*, kung saan inilalagay ang isang pangunahing salita sa gitna at pinalilibutan ito ng mga kaugnay na salita sa pamamagitan ng pisikal na pagdikit ng ibinigay na materyal, sinusuri kung paano mas epektibong natututo ang mga mag-aaral sa pagkilala ng kasingkahulugan at kaugnay na kahulugan ng mga salita. Layunin din nitong matukoy kung paano nakatutulong ang ganitong interaktibong pamamaraan sa pagpapadali ng pag-unawa sa konteksto ng mga salita at sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang mga tanong sa pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang siyasatin ang mga dahilan kung paano ang *Word Web Wizard* ay magiging isang interbensyon para sa mga mag-aaral na mahubog ang kanilang kasanayan sa pag-unawa partikular na sa wikang Filipino ng mga mag-aaral mula sa ika-8 na baitang sa paaralan ng Sampao Integrated School. Ang mga katanungan sa pananaliksik na naging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mag aaral sa baiting 8 bago ang *word web* na interbensyon?
2. Ano ang antas ng antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mag-aaral sa baiting 8 pagkatapos ang *word web* na interbensyon?
3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gumamit ng *Word Web*?
4. Ano ang naging pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa Baitang 9 hinggil sa bisa ng *Word Web Wizards* bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kanilang kakayahang umunawa sa pagbasa sa asignaturang Filipino?

Iminungkahing interbention/ plano

Ang Word Web Wizard ay isang inobatibong hakbang na naglalayong linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kahulugan ng salita gamit ang context clues, sa tulong ng mga graphic organizer. Nakatuon ito sa pagbibigay-tulong sa mga mag-aaral ng Baitang 8 sa Sampao Integrated School para sa taong panuruan 2024–2025, upang mapaunlad ang kanilang bokabularyo at pag-unawa sa binabasa.

Layunin ng proyektong ito na gawing mas interaktibo, biswal, at makabuluhan ang pagkatuto sa pamamagitan ng mga gawaing nakabatay sa pagkilala ng kasingkahulugan, kasalungat, idyoma, at gamit ng salita sa pangungusap. Sa ganitong paraan, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na unawain ang kahulugan ng mga di-pamilyar na salita batay sa konteksto.

Sesyon 1: *Orientasyon at Pre-Test*

Sa panimulang sesyon, ipinaliwanag sa mga mag-aaral ang layunin, saklaw, at daloy ng interbensyon. Tinalakay ang mga aktibidad na isasagawa at ang kahalagahan ng bawat isa. Sinundan ito ng pre-test upang matukoy ang antas ng kasalukuyang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mga salita gamit ang context clues. Ang resulta nito ang magsisilbing batayan sa mga susunod na hakbangin.

Sesyon 2: *Panimula sa Word Web Wizard*

Ipinakilala sa mga mag-aaral ang konsepto ng graphic organizer, partikular ang word web, at kung paano ito makatutulong sa pag-unawa ng salita gamit ang konteksto. Ipinaliwanag rin ang iba't ibang uri ng context clues tulad ng kahulugan, kasingkahulugan, kasalungat, halimbawa, at palatandaan sa pangungusap.

Sesyon 3: *Gawain – "Pick and Paste" (Kasingkahulugan)*

Sa sesyong ito, isinagawa ang aktibidad na Pick and Paste, kung saan ang mga mag-aaral ay pumili ng mga salitang may kasingkahulugan at ilalapat ito sa tamang bahagi ng word web. Layunin ng gawain na malinang ang pagkilala ng mga mag-aaral sa kasingkahulugan ng salita gamit ang mga pahiwatig mula sa konteksto ng pangungusap.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sesyon 4: ***Gawain – "Find Your Pair" (Idyoma)***
Isinagawa ang interaktibong aktibidad na Find Your Pair, kung saan ang mga mag-aaral ay pinagtambal upang hanapin ang katumbas na kahulugan ng isang idyoma. Ang aktibidad ay layong paunlarin ang kakayahan ng mag-aaral na kilalanin at bigyang-kahulugan ang mga idyomatikong pahayag sa konteksto ng paggamit nito.

Sesyon 5: ***Pagsang-ayon at Pagsalungat***
Sa sesyong ito, tinalakay ang mga salitang nagpapahiwatig ng pagsang-ayon at pagsalungat. Gumamit ng mga halimbawa ng pangungusap at pinasagot ang mga mag-aaral gamit ang graphic organizer upang tukuyin kung alin sa mga salita ang nagpapakita ng pagtutol o pagsuporta. Pinatibay din dito ang paggamit ng context clues upang maunawaan ang pahiwatig ng salita sa loob ng pangungusap.

Sesyon 6: ***Post-Test at Refleksyon***
Bilang pagtatapos ng interbensyon, isinagawa ang post-test upang masukat ang naging pag-unlad ng mga mag-aaral. Inihambing ang resulta nito sa pre-test upang makita ang naging epekto ng Word Web Wizard sa pagkatuto ng mga kalahok. Pagkatapos ng pagsusulit, nagkaroon ng maikling talakayan at repleksyon upang bigyang-daan ang pagbabahagi ng karanasan at natutunan ng mga mag-aaral sa kabuuan ng programa.

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng metodolohiyang ginamit sa pag-aaral, kabilang ang disenyo ng pananaliksik, lokasyon, mga kalahok, kagamitan sa pagkuha at pagsusuri ng datos, at estadistikal na kasangkapan. Nilalayon nitong mailahad ang sistematikong hakbang upang matiyak ang bisa ng interbensyong "Word Web Wizard" sa pagpapabuti ng bokabularyo at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik
Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng descriptive qualitative design upang masusing masuri ang bisa ng "Word Web Wizard" bilang interbensyon sa pagpapalawak ng bokabularyo at pag-unawa ng mga teksto ng mga mag-aaral sa Ika-8 Baitang ng Sampao Integrated School. Layunin nitong tukuyin ang mga hamon sa pag-unawa ng salita, alamin kung paano nakatutulong ang interbensyon, at suriin ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang kasanayan sa pagkatuto ng bokabularyo.

Sa pamamagitan ng graphic organizer, nagiging mas aktibo at malalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang disenyo ng pananaliksik ay nagbibigay-daan upang makuha ang kanilang karanasan at opinyon sa paggamit ng estratehiya. Ang ganitong disenyo ay epektibo sa pagkalap ng detalyado at makabuluhang pananaw mula sa mga kalahok (Lambert, 2020).

Mga Partisipante sa Pananaliksik
Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay 30 mag-aaral sa Ika-8 Baitang ng Sampao Integrated School na pinili gamit ang purposive sampling. Batay ito sa kanilang antas ng pag-unawa sa wikang Filipino at pangangailangan sa pagpapalawak ng bokabularyo at pag-unlad sa kakayahang umunawa sa teksto.

Gagamitin sa interbensyon ang "Word Web Wizard," isang graphic organizer na tumutulong sa pag-unawa at pag-uugnay ng mga salita batay sa konteksto. Angkop ang mga mag-aaral sa baitang na ito dahil patuloy pa nilang hinuhubog ang kasanayan sa pagbasa. Inaasahang sa pamamagitan ng interbensyon ay lalawak ang kanilang bokabularyo at lalalim ang pag-unawa sa binabasa, na magdudulot ng mas aktibong pagkatuto sa klase.

Sampol at Populasyon
Sa pag-aaral na ito, mayroong isang pangkat o seksyon ang naging partisipante, ang mga mag-aaral na nasa ika-8 na baitang na may 15 na mag-aaral.

Talahanayan 1.
Pre-experimental na Disenyo

Grupo	Pretest	Interbensyon	Post-test
Pre-Experimental (Mapagmahal)	C1	X	C

Instrumento ng Pananaliksik
Sa pagsasagawa ng pag-aaral nararapat lamang na gumamit ng mga instrumentong aangkop at tutugon sa layunin ng pag-aaral. Sa pagsasagawa ng nito ay gumamit ang mga mananaliksik ng isang adaptive na talatanungan mula sa isang pag-aaral.

Ginamit ng pag-aaral na ito ang eksaminasyon na ginawa ni Muegna (2024) ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ito ay isang pagsusulit na mayroong apatnapung katanungan na susukat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ito ay sinuri at iwinasto ng tagapayo upang maiangkop sa mga mag-aaral at sa pag-aaral.

Gamit ang *range of mean perecentage*, makikita ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto gamit ang interbensyon. Ito ay batay sa rubrik ni Amira (2018) upang pagbatayan sa mga puntos na nakuha mula sa *pre-test* hanggang *post-test.*

Upang masukat ang tumpak na sukat ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, ginamit ang rubrik na nasa ibaba:

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 2.
Range of Mean Percentage

Mean	Katumbas na Deskripsyon	Interpretasyon
91-100	**Napakataas**	Palaging wasto ang pag-unawa ng mga mag-aaral, na may kaunti o walang pagkakamali, at nagpapakita ng malalim na pagkaunawa sa binasa.
61-80	**Mataas**	Kadalasang tama ang pag-unawa ng mga mag-aaral, at ang bihirang pagkakamali ay bahagyang nakaapekto sa kabuoang pagkaunawa.
41-60	**Katamtaman**	Kadalasang tama ang pag-unawa ng mga mag-aaral, at bagamat may ilang pagkakamali, hindi ito gaanong nakaaapekto sa pag-unawa sa binasa.
21-40	**Mababa**	Madalas magkamali ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa, na nagpapahiwatig ng kakulangan sa kanilang kasanayan sa pag-unawa.
0-20	**Napakababa**	Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa ng binasang teksto dahil sa maling pag-unawa sa mga salita, na nagpapakita ng kakulangan sa kasanayang ito at nangangailangan ng agarang aksyon.

Paglikom ng Datos

Gagamit ang mga mananaliksik ng mga talatanungan bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon at inobasyon. Ang talatanungan para sa pre-test ay susukat sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa bago ang interbensyon. Samantala, ang talatanungan para sa post test ay susukat pa rin sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag aaral matapos ang interbensyon.

Upang makuha ang kinakailangang datos para sa pananaliksik na ito, isasagawa ng mga mananaliksik ang sumusunod na mga hakbang. Una, bago simulan ang pag-aaral, magpapadala ang mga mananaliksik ng kahilingan sa punong-guro ng paaralang kinabibilangan ng mga kalahok. Pagkatapos, isasagawa ang pre-test gamit ang kasangkapan upang matukoy ang kanilang kaalaman. Kasunod ng pre test, ipapakilala ang *Word Web Wizard*, na susundan ng tatlong beses sa isang lingo sa loob ng dalawang linggo na interbensyon. Sa pagtatapos ng proseso ng pananaliksik, isasagawa ang post-test gamit ang parehong kasangkapan upang suriin kung mayroong pag-unlad sa pag-unawa ng pagbasa ng mga kalahok matapos ang interbensyon. Ang mga datos mula sa pre-test at post-test ay kokolektahin at itatala.

Pag-aanalisa ng Datos

Ang pagsuri ng datos ay mahalagang bahagi ng pananaliksik sapagkat ito ay sumasaklaw sa sistematikong pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos upang makabuo ng makabuluhang mga kaisipan at makakuha ng wastong konklusyon, na naglalantad ng mahahalagang impormasyon sa pangkalahatang pagkaunawa sa pananaliksik. Ang datos ay nakakalap at natipon sa pamamagitan ng ginawang *pretest* at *post-test* ng mananaliksik sa mga mag-aaral sa ika-8 na baitang ng Sampao Integrated School na susuriin ng masinsinan.

Ang pamamaraang ginamit sa pagsusuri ng mga datos sa pag-aaral na ito ay ang *paired t-test* bilang isang *ratio* sa pagmamarka kung gaano kahalaga ang pagkakaiba ng '*means'* ng dalawang grupo, na binibigyan pansin ang kanilang pagkakaiba o distribusyon. Ang *paired t-test* ay ginamit para sa pagsuri ng haypotesis upang matukoy kung may epekto ang isang proseso sa parehong mga sample o kung ang mga grupo ay magkaiba sa isa't isa (Gosset & Silverman, 1908).

Ginamit din ang rubrik bilang gabay at basehan para sa datos at katangian ng pagsisiyasat. Dahil dito, kaugnay ng mga pinagkunan at datos ng mananaliksik ay anumang impormasyong matatagpuan sa ginawang pagsusuri sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto. Ang mga nakalap na antas ng puntos na nakabatay sa rubriks ay ibunuod, isinalin, inalisa at inihanay gamit ang *paired t-test* bilang kasangkapan upang hanapin ang kahalagahang pagkakaiba sa pagitan ng *mean score* ng *pretest* at *post-test.*

Dagdag pa, ginamit din ang *standard deviation* sa pananaliksik na ito upang matukoy kung gaano kalayo ang bawat marka mula sa *mean*. Ginamit ito sa pananaliksik masuri ang pagkakaiba-iba ng mga resulta ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng, *standard deviation* matutukoy kung gaano kahalaga ang mga interbensyon sa pagpapabuti ng kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral (Juarez, 2019).

Ang pangunahing hakbang ay ang pagtukoy sa yunit ng pagsusuri gamit ang rubrik, kung saan ang mananaliksik ay magbibigay pokus sa pagsuri sa pag-unawa sa mga tekstong binasa batay sa talatanungan. Ayon sa layunin ng pananaliksik aalamin ang antas ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasang teksto bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng mga interbensyon na kung saan ito ang magiging basehan sa pang-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong binasa.

Gamit ang talatanungan ni Muegna (2024) magsisilbing gabay ito sa pagtatasa sa kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Pinili ang talatanungan na ito dahil ito ay naaayon sa layunin ng pananaliksik na masuri at malaman ang antas ng pag-unawa sa binasa mga mag-aaral.

Bago pa man ang interbensyon, ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa ay sinuri gamit ang talatanungan. Ang ikalawang pagsusuri naman, matapos ang paglalapat ng interbensyon, ay isasagawa rin gamit ang parehong rubrik upang matukoy ang naging epekto ng mga hakbang na ipinatupad. Ang pagsusuring ito ay magbibigay ng malinaw na paghahambing ng resulta bago at pagkatapos ng interbensyon sa aspeto ng pag-unawa sa binasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Etikal na Konsiderasyon

Ang pagsunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik ay mahalaga. Sa pinakapayak na anyo, ito ay nakatulong sa pagbubuo ng tunay na layunin ng pag-aaral, tulad ng paghahanap ng kaalaman, kasingkahulugan at pag-iwas sa pagkakamali. Bukod dito, pinalalakas nito ang mahahalagang pagpapahalaga sa gawaing pananaliksik, tulad ng tiwala, pananagutan, respeto sa isa't isa, at pagiging patas.

Upang matiyak ang etikal na pagsasagawa ng pananaliksik, ang pag-aaral na ito ay sumunod at gumalang sa mga prinsipyo ng etika sa pananaliksik batay sa Belmont Report (2010). Kabilang sa mga prinsipyong ito ang paggalang sa awtonomiya ng isang tao, benepisyo at hindi pananakit, katarungan, may-kabatirang pahintulot (informed consent), pagiging kumpidensyal at proteksyon ng datos, integridad, at pag-iwas sa salungatan ng interes.

RESULTA AT DISKUSYON

Resulta ng Pre-Test

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ito ay nagpapakita ng datos sa antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa pre-test ng eksperimental na grupo bago isasagawa ang interbensyong *Word Web Wizard*, ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa *post-test* ng eksperimental na grupo matapos ang pagpapatupad ng interbensyong *Word Web Wizard* at makabuluhang pagkakaiba ng marka sa pagitan ng *pre-test* at *post-test.* Ang pangkalahatang resulta ng *pre-test* ng mga mag-aaral ay inilalarawan na "katamtaman". Ipinapahiwatig nito na may kakayahan silang maunawaan ang malalalim na salita sa kanilang binabasa. Subalit, maaari pa rin silang makaranas ng mga suliranin sa mas malalim na pagsusuri o interpretasyon ng teksto. Ang ganitong lebel ng kasanayan ay nagpapakita na bagama't may batayang kaalaman ang mga mag-aaral, kinakailangan pa nilang linangin ang kanilang kakayahang mag-analisa at mag-isip nang mas kritikal upang mas epektibong maunawaan at masuri ang malalalim na salita sa mga babasahin.

Katanungan sa Pananaliksik Blg. 1: Ano ang antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mag aaral sa baiting 8 bago ang word web na interbensyon?

Talahanayan 3.
Resulta ng Pretest

Pre-Test Scores	Frequency	Percentage
5	5	16.67 %
6	3	10.00%
7	1	3.33%
8	5	16.67%
9	1	3.33%
10	5	16.67%
11	3	10.00%
12	3	10.00%
13	2	6.67%
15	2	6.67%
Total	30	100.00%
Standard Deviaion		3.014
Overall Mean		60.87%
Description		LOW

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 8 bago isagawa ang word web na interbensyon, batay sa kanilang pre-test na resulta. Ipinakikita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may mababang antas ng pag-unawa sa bokabularyo (M = 60.87, SD = 3.01). Ibig sabihin, ang karaniwang marka ng mga mag-aaral ay nasa 60.87% lamang ng kabuuang posibleng puntos, na nagpapahiwatig ng hindi pa ganap na pagkatuto sa larangan ng bokabularyo. Ang standard deviation na 3.01 ay nagpapakita ng bahagyang pagkakaiba-iba ng mga marka, na nangangahulugang halos magkakalapit ang naging resulta ng mga mag-aaral sa pre-test. Ito ay nagpapakita na sa kabila ng mababang antas, magkakatulad ang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral bago ang interbensyon. Ang pinakamataas na iskor ay 15, na nakuha ng dalawang mag-aaral (6.67%), habang ang pinakamababang iskor ay 1, na nakuha rin ng dalawang mag-aaral (6.67%). Ang pinakakaraniwang iskor ay 5, na naitala ng limang mag-aaral o 16.67% ng kabuuang bilang. Ang kabuuang average percentage score na 60.87% ay lalong nagpapatingkad sa kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyo sa yugto ng pre-test.

Ayon sa pag-aaral ni Lusianti (2020), lumitaw na karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha lamang ng katamtamang marka sa pre-test, na nagpapakita ng kakulangan sa kasanayan sa pag-unawa ng malalalim na salita sa binabasa. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan para sa higit pang pagsasanay. Sa pag-aaral naman nina Gubalani et al. (2023), mababa ang naging mean score ng mga mag-aaral sa pre-test. Ipinapakita nito na kailangan pa nilang mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan upang mas mapadali ang proseso ng pag-unawa sa binasa, lalo na sa tulong ng mas may kaalaman. Ganito rin ang naging obserbasyon sa pag-aaral ni Fernandez (2022), kung saan mababa rin ang marka ng mga mag-aaral sa pre-test. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng suporta ng guro sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng malalalim na salita sa teksto.

Katanungan sa Pananaliksik Blg. 2: Ano ang antas ng antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mag-aaral sa baiting 8 pagkatapos ang word web na interbensyon?

Talahanayan 4.
Resulta ng Post-test

Pre-Test Scores	Frequency	Percentage
17	2	6.67%
19	2	6.67%
20	3	10.00%
21	3	10.00%
22	3	10.00%
23	2	6.67%
24	5	16.67%
25	1	3.33%
26	1	3.33%
27	2	6.67%
28	2	6.67%
29	2	6.67%
30	2	6.67%

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Total	**30**	**100.00%**
Standard Deviation		**3.748**
Overall Mean		**78.43%**
Description		**HIGH**

Itinatampok sa Talahanayan 5 ang antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 8 pagkatapos ng word web na interbensyon, batay sa kanilang post-test na resulta. Lumabas sa pagsusuri na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pag-unawa sa bokabularyo (M = 78.43, SD = 3.75). Ang mean score na 78.43 ay nagpapakita na, sa pangkalahatan, nakuha ng mga mag-aaral ang higit sa tatlong-kapat ng kabuuang posibleng marka, na nagpapahiwatig ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang kasanayan sa bokabularyo. Samantala, ang standard deviation na 3.75 ay nagpapahiwatig na may kaunting pagkalat o pagkakaiba sa mga nakuha nilang marka, subalit nananatiling magkakalapit pa rin ang karamihan sa resulta. Ipinapahiwatig nito na naging epektibo ang interbensyon sa halos lahat ng mag-aaral, anuman ang kanilang dating antas. Ang pinakamataas na iskor ay 30, na nakuha ng dalawang mag-aaral (6.67%), samantalang ang pinakamababang iskor ay 17, na nakuha rin ng dalawang mag-aaral (6.67%). Ang pinakakaraniwang iskor ay 24, na naitala ng limang mag-aaral o 16.67% ng kabuuan. Ang overall mean na 78.43% ay nagpapakita ng positibong resulta ng interbensyon sa pagpapataas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mga mag-aaral.

Katulad ng natuklasan sa pag-aaral ni Ahmad (2021), tumaas ang marka ng mga mag-aaral sa post-test matapos ang interbensyon, na nagpapakita ng bisa ng ginamit na estratehiya. Iminungkahi rin na gumamit ang mga guro ng mas inobatibo at interaktibong pamamaraan upang mapaunlad ang kasanayan sa bokabularyo at pag-unawa. Tumutugma ito sa natuklasan ni Lusianti (2020), kung saan mas mataas ang marka ng mga mag-aaral sa post-test, patunay sa bisa ng interbensyon. Iminungkahi rin na mahalaga ang malikhaing estratehiya ng mga guro upang higit na mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina McBreen at Savage (2023) na mas epektibo ang mga interbensyong pinagsasama ang motibasyon at kasanayan kumpara sa mga nakatuon lamang sa isa. Lumalabas na ang paggamit ng makabuluhang aktibidad at suportang motivational ay may positibong epekto sa pag-unlad ng pag-unawa sa pagbasa.

Katanungan sa Pananaliksik Blg. 3: May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gumamit ng Word Web?

Talahanayan 5.

Makabuluhang Pagkakaiba ng mga Puntos sa Pagitan ng Pretest at Post-test

Type of Test	N	Difference	t-Value	P-value	Decision $a = 0.05$	Cohen's d (Effective Size)
Pre- Test	**30**	**29**	**17.83**	**< .001**	**Significant**	**4.23**
Post-Test	**30**					

Ipiniapakita sa Talahanayan 6, ang paghahambing ng pre-test at post-test scores upang matukoy ang bisa ng Word Web bilang interbensyon. May kabuuang 30 mag-aaral ang lumahok sa pag-aaral kung saan sinuri ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa bokabularyo bago at pagkatapos ng interbensyon. Ayon sa ipinakitang resulta, may makabuluhang pagkakaiba sa marka ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral, $t(29) = 17.8340$, $p < .001$. Dahil ang p-value (< .001) ay mas mababa kaysa sa antas ng kahalagahan ($\alpha = 0.05$), tinatanggihan ang null hypothesis. Ang pagtangging ito ay sinusuportahan ng standard deviation na 3.01, na nagpapahiwatig ng pagiging maaasahan ng mean score. Ipinakikita nito na may estadistikang makabuluhang pagbabago sa performance ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon.

Pagdating sa mean scores, ang nakuhaang *mean difference* ay 17.56, na nagpapakita ng pagtaas ng puntos mula pre-test tungo sa post-test. Ang malaking epekto ng interbensyon ay higit pang pinagtibay ng Cohen's d na 4.23, na tumutukoy sa isang napakalaking effect size. Nangangahulugan ito na ang paggamit ng Word Web ay may napakalakas na epekto sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at paggamit ng bokabularyo.

Sinuportahan ito ng pag-aaral ni Ojeh (2022) na gumamit ng pre–post test sa 39 mag-aaral sa loob ng 10 linggo. Lumabas na 75% ng mga kalahok ay umabot sa independent reading level, mula sa instructional level. Sa t-test na may p-value < 0.002, nakita ang makabuluhang pag-unlad sa katatasan sa pag-unawa sa malalalim na salita. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagbabasa sa pagpapahusay ng kaalaman, pag-unawa, motibasyon, at bokabularyo.

Katulad din ng natuklasan nina Aguhayon et al. (2023), bago ang interbensyon, ang mean score ng mga mag-aaral ay 0.74 (SD = 1.32) at tumaas sa 5.09 (SD = 1.65) pagkatapos ng interbensyon. Sa t-value na -19.5 at p-value na .001, malinaw na may makabuluhang pagtaas sa resulta. Ipinapakita nito ang pagbuti ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa dulot ng interbensyon, na nagpalakas sa interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa at nakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang umunawa ng mga salita.

Gayundin sa pag-aaral nina Caabay et al. (2024) na gamit ang pre-test at post-test na disenyo, natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga interbensyon ay epektibong nakatulong sa pagpapabuti ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Bumaba ang bilang ng mga nasa *frustration level* mula 16 sa 4, habang tumaas ang nasa *independent level* mula 0 sa 6. Ipinapakita ng mga resulta na ang mga interbensyong nakatuon sa aktibong partisipasyon ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mga mag-aaral ay may positibong epekto sa kanilang kasanayan sa pagbasa.

Katanungan sa Pananaliksik Blg. 4: Ano ang naging pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa Baitang 8 hinggil sa bisa ng Word Web Wizards bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kanilang kakayahang umunawa sa pagbasa sa asignaturang Filipino?

Upang masagot ang katanungang ito, isinagawa ang malalalim na panayam at pokus na talakayan ng grupo sa mga impormante at kalahok. Gumamit ng mga probing questions upang mailahad ang kanilang mga pananaw ukol sa epekto ng WORD WEB WIZARD na stratehiya sa pagpapaunlad ng kanilang antas sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 8. Ang mga pangunahing tema at halimbawa ng mga pahayag para sa katanungan sa pananaliksik bilang apat ay inilalahad. Mula sa mga kasagutan ng mga kalahok, limang pangunahing tema ang lumitaw: (1) Kahirapan sa Pag-unawa ng Teksto Dahil sa Malalalim na Salita; (2) Nagiging Gabay sa mas Madaling Pag-unawa; (3) Napapalalim ang Pag-unawa sa Konsepto; (4) Napapalawak ang kumpyansa at Kakayahan sa Pagbasa at; (5) Napapalawak ang kumpyansa at Kakayahan sa Pagbasa.

Talahayan 6.

Pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa Baitang 8 hinggil sa bisa ng Word Web Wizards bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kanilang kakayahang umunawa sa pagbasa sa asignaturang Filipin

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Kahirapan sa Pag-unawa ng Teksto Dahil sa Malalalim na Salita	• "Nalilito ako sa kahulugan ng ilang malalalim na salita at mga idyoma. Minsan, hindi ko talaga maintindihan ang ibig sabihin ng binabasa ko." **(IDI 1)** • "Mabilis akong mawalan ng gana magbasa dahil hindi ko agad maintindihan ang teksto lalo na kung maraming idyoma." **(IDI 4)** • "Ang hirap ko talaga dati sa mga idyoma. Hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin ng mga ito at akala ko literal lagi ang kahulugan. Dahil doon, napagkakamalan kong hindi mahalaga ang ibang bahagi ng teksto." **(IDI 6)** • "Bago ang Word Web Wizards, parang ang pagbasa ay pagsubok para sa akin. Lalo na kapag puro mahahaba at malalalim na salita. Minsan kailangan ko pang ulit-ulitin ang isang talata bago ko talaga ito maintindihan. Nakakafrustrate sa totoo lang." **(IDI 7)**
Nagiging Gabay sa mas Madaling Pag-unawa	• "Naging mas madali ang pagbasa kasi parang may gabay ako kung paano ko i-a-analyze ang mga salita at ang kabuuang nilalaman." **(IDI 4)** • "Ang Word Web Wizards ay parang mapa para sa akin sa tuwing ako ay nagbabasa. Tinuruan akong huwag lang basta magbasa kundi unawain ang relasyon ng mga salita, lalo na kapag may magkasalungat o magkakatulad na kahulugan. Nakatulong ito upang ma-trace ko ang kabuuang mensahe ng binabasa." **(IDI 5)** • "Nakatulong ito kasi may mga gabay kung paano i-unlock ang kahulugan ng salita sa konteksto. Mas lumalim ang pag-unawa ko sa mensahe ng bawat bahagi ng teksto." **(IDI 9)** • "Mas nadalian akong sumunod sa daloy ng kwento o sanaysay. Ang bawat bahagi ng Word Web Wizards ay parang hakbang-hakbang na pagtuturo kung paano basahin at intindihin ang teksto nang buo." **(IDI 10)**
Napapalalim ang Pag-unawa sa Konsepto	• "Yung bahagi kung saan kailangan naming tukuyin ang kasingkahulugan ng salita gamit ang isang dalawang table at ipagdidikit ng magkatabi ang tamang mga salita na may magkasingkahulugan. Nakatulong ito para makita ko ang kaugnayan ng mga salita." **(IDI 1)** • "Para sa akin, ang pinakanakatulong ay ang bahaging may pagsasanay sa idyoma at kahulugan gamit ang graphic organizer. Madalas kasi itong lumalabas sa mga pagsusulit, at dati hindi ko talaga alam kung ano ang ibig sabihin. Ngayon, alam ko na hindi literal ang kahulugan at may mas malalim na mensahe." **(IDI 5)** • "Ang talagang tumatak sa akin ay ang bahagi ng aktibidad kung saan kailangan naming gumawa ng word web gamit ang idyoma. Dati hindi ko talaga sila maintindihan. Pero sa paraang iyon, mas naging malinaw ang di-literal na kahulugan nila, at natuto akong gamitin ito sa sariling pangungusap." **(IDI 7)**
Napapalawak ang kumpyansa at Kakayahan sa Pagbasa	• "Mas naging confident ako magbasa ngayon kasi alam kong kaya ko na siyang intindihin kahit may malalalim na salita." **(IDI 2)** • "Mas naging bukas ako sa pagbasa ng iba't ibang uri ng tekstong Filipino tulad ng sanaysay at kwento."**(IDI 4)** • "Mas naging bukas ang isipan ko sa pagbabasa ng mga tekstong Filipino. Natutunan kong pahalagahan ang mga salitang ginagamit sa mga akdang Filipino

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

	dahil may lalim pala ang bawat isa. Nakakatuwa ring makita kung paano lumalawak ang pananaw ko dahil dito." **(IDI 8)**
Pagpapalawak ng Kaalaman sa Pamamagitan ng Maraming Halimbawa at Pagsasanay	• "Ang mungkahi ko ay dagdagan pa ang mga halimbawa na galing sa kasalukuyang literatura tulad ng spoken poetry, mga tula sa social media, at mga paboritong linya sa pelikula. Sa ganitong paraan, mas magiging relatable at interesting ang mga aktibidad." **(IDI 5)** • "Mas magiging epektibo ito kung isasama rin ang mga aktwal na halimbawa mula sa mga pelikula, kanta, o viral posts na gumagamit ng idyoma o malalalim na salitang Filipino. Sa ganitong paraan, mas magiging makabuluhan at relatable ang pag-aaral." **(IDI 7)** • "Mas magiging epektibo ito kung bibigyan kami ng pagkakataong gumawa ng sarili naming Word Web base sa mga tekstong gusto namin. Halimbawa, galing sa social media o pelikula." **(IDI 9)**

Unang temang nabuo base sa mga kasagutan ay Kahirapan sa Pag-unawa ng Teksto Dahil sa Malalalim na Salita. Maaaring hadlang sa pag-unawa sa binabasa kapag nakararamdam ng kaba o ang teksto ay mahirap at hindi pamilyar. Iba pang dahilan ay ang kahirapan sa pagkilala at pagbigkas ng mga salita, kakulangan sa bokabularyo, o kawalan ng interes at motibasyon. Ang pag-unawa sa binabasa ay hindi isang simpleng kasanayan lamang. Binubuo ito ng iba ibang aspekto gaya ng kaalaman sa tunog ng mga salita, pag-unawa sa kahulugan ng mga salita, at kakayahang basahin nang tama ang mga salitang madalas makita (Lastiri, 2022). Dagdag pa, na ang taong may limitadong bokabularyo ay nahihirapang umunawa o gumamit ng iba ibang salita sa isang makabuluhang paraan. Dahil ang bokabularyo ay pundasyon ng pag-unawa sa binabasa, ang kahinaan sa aspektong ito ay maaaring magdulot ng hirap sa pag-unawa ng mga salitang nababasa (Yacoub, 2024).

Kasunod nito, nabuo ang ikalawang tema na Nagiging Gabay sa mas Madaling Pag-unawa. Mahalaga ang malawak na bokabularyo at kasanayan sa wika sa mas epektibong pag-unawa ng binabasa. Ayon kay King (2023), ang kaalaman sa maraming salita ay nakatutulong upang mas maintindihan ang mahihirap na pahayag. Sa pagtuturo ng paggamit ng mga context clues tulad ng kasingkahulugan, kasalungat, at paghahambing, mas nagiging mapanuri at malaya ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga salitang hindi pamilyar. Ayon kay Dogra (2022), dahil maraming kahulugan ang isang salita, kailangang matutunan ng mga mag-aaral ang tamang paggamit ng konteksto upang mas madaling maunawaan ang masalimuot na teksto.

Sa karagdagan, nabuo ang ikatlong tema na Napapalalim ang Pag-unawa sa Konsepto. Upang lumawak ang kaalaman sa bokabularyo, kailangan ng mga mag-aaral ng epektibong estratehiya sa pagkatuto. Isa sa mga mabisang paraan ay ang paggamit ng context clues o mga pahiwatig sa loob ng pangungusap upang maunawaan ang kahulugan ng hindi pamilyar na salita (Tuyen & Huyen, 2019). Sa halip na gumamit agad ng diksyunaryo, matututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtingin sa mga kalapit na salita, kasingkahulugan, o halimbawa. Ayon kay Pham (2025), ang paggamit ng context clues sa mga worksheet ay hindi lang nagpapabuti sa kasanayan sa pagbasa kundi nagpapalakas din ng kritikal na pag-iisip at kumpiyansa ng mag-aaral.

Dagdag pa rito, nabuo ang ikaapat na tema na Napapalawak ang kumpyansa at Kakayahan sa Pagbasa. Ang paggamit ng context clues ay isang mahalagang estratehiya sa pag-unawa ng kahulugan ng mga salitang hindi pamilyar. Ayon kay Sharma (2025), kadalasan ay sapat na ang impormasyon mula sa mismong pangungusap o talata upang matukoy ang ibig sabihin ng isang salita, kaya't hindi na kailangang umasa palagi sa diksyunaryo. Sa halip na huminto sa pagbabasa upang hanapin ang kahulugan ng salita, natututo ang mga mag-aaral na gamitin ang mga palatandaan sa paligid ng salita upang maunawaan ito. Dahil dito, mas nagiging tuloy-tuloy at mas epektibo ang kanilang pagbabasa. Bukod pa rito, ayon kay Jawad (2024), ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo ay may direktang epekto sa pagtaas ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral. Kapag mas marami silang alam na salita, mas nagiging kampante sila sa pagbasa, pagsulat, at pakikipag-usap. Sa ganitong paraan, ang paggamit ng context clues ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong pag-unlad kundi pati na rin sa personal na pag-unlad ng mga mag-aaral.

Higit pa rito, nabuo ang ikalimang tema na Napapalawak ang kumpyansa at Kakayahan sa Pagbasa. Kapag nakatagpo ng mga salitang hindi pa nakita o alam, makatutulong ang *context clues* upang maunawaan agad ang kahulugan ng mga ito, nang hindi na kailangang huminto para sumangguni sa diksyunaryo o ibang sanggunian. Dahil dito, mas magiging tuloy-tuloy at mabilis ang iyong pagbabasa, at hindi ka na kailangang laging magbukas ng diksyunaryo (Ellis, 2023). Dagdag pa na malaki ang epekto ng kaalaman sa bokabularyo sa pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa, tagumpay sa akademiko, at maging sa emosyonal na kalagayan. Ang mga batang may malawak na bokabularyo ay mas mahusay magbasa, mas may kumpiyansa sa pagharap sa mga bagong hamon, at mas may kakayahang kilalanin at ipahayag ang kanilang damdamin nang mas tumpak at mas malalim (Savva, 2025).

Konklusyon

Batay sa mga resulta ng isinagawang pre-test, natukoy na ang mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Sampao Integrated School ay may mababang antas ng kasanayan sa pag-unawa ng binabasa, partikular sa pagkuha ng kahulugan ng mga salitang di-pamilyar gamit ang pahiwatig sa konteksto. Ipinakita ng pagsusuri na bagama't may kaalaman ang mga mag-aaral sa ilang mga salita, nahirapan sila sa pag-unawa sa mas malalalim

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

o mas kumplikadong talasalitaan. Ang kakulangan sa bokabularyo at estratehiya sa pagbasa ay naging hadlang sa tuloy-tuloy at makabuluhang pag-unawa sa mga teksto. Ipinakita ng resulta na may matibay na pangangailangan para sa isang interbensyon na nakatutok sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagsasanay sa paggamit ng context clues.

Matapos isagawa ang Word Web Wizards bilang interbensyon, lumitaw sa post-test na malaki ang ibinuti ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Mula sa mean score na 60.87% sa pre-test, ito ay tumaas sa 78.43% sa post-test, na kinikilala bilang mataas na antas ng pag-unawa. Ang interbensyon ay nagbigay ng malinaw na istruktura sa pagkatuto sa pamamagitan ng graphic organizers, praktikal na gawain, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang pagtaas sa marka ay nagpapakita ng aktibong pag-unlad ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga estratehiyang natutunan nila, at mas epektibong nagamit ang mga ito sa pagbibigay-kahulugan sa mga salitang hindi pamilyar.

Bukod sa mga datos na nakuha sa pagsusulit, pinatotohanan din ng mga natuklasan sa panayam ang positibong epekto ng interbensyon. Lumitaw sa mga tema ang kahalagahan ng gabay sa pagbasa, ang pagpapalalim ng pag-unawa sa konsepto, at ang pagtaas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga tekstong Filipino. Bagama't may ilang hamon sa pagsasagawa tulad ng pagtutok sa grupo at pagkakaiba ng antas ng pagkatuto, naging mahalaga ang papel ng Word Web Wizards sa pagbibigay ng motibasyon at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na kawili-wili at konkretong pagsasanay, mas naging interesado ang mga mag-aaral na matuto at umunlad sa kanilang pagbasa.

Sa kabuuan, napatunayan sa pananaliksik na ang Word Web Wizards ay isang mabisang interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang pinagsanib na paggamit ng graphic organizers, context clues, at makabuluhang mga gawain ay nakatulong hindi lamang sa pag-unlad ng bokabularyo kundi maging sa tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang sarili. Ang ganitong uri ng interbensyon ay may malaking potensyal hindi lamang sa asignaturang Filipino kundi sa iba pang larangan na nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa teksto. Mainam itong isama bilang bahagi ng pagtuturo upang matulungan ang mga mag-aaral na maging mas mahusay at mapanuring mambabasa.

Rekomendasyon

Base sa resulta ng pag-aaral na " Word Wed Wizards: Paglinang Ng Kakayahang Umunawa Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 8" patunay na epektibo ang pagpapalakas ng isinagawa sa kanilang kahusayan sa pag-unawa sa mga malalalim na salita. Upang higit pang mapalawak ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, inirerekomenda ang patuloy na paggamit ng word web wizard – ipagpatuloy ang paggamit ng unti-unting pagpapakilala ng mga konsepto mula sa simple hanggang sa mas komplikadong salita. Napatunayan na itong mabisang paraan upang palalimin ang pag-unawa sa mga salita at mapataas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral.

Dagdag pa ang aktibong paglahok sa mga gawain. Hinihikayat ang mas madalas na pagsasagawa ng mga interactive na aktibidad tulad ng mga pangkatang Gawain at mga laro gamit ang mga chart upang palakasin ang kasanayan sa paggamit ng tamang salita at pagpapalawak ng bokabularyo. Sa kabilang banda, ang pagsasanay sa pagbibigay ng iba ibang salita na may mga kasing kahulugang, malalalim at gamit sa pangunugsap ay nakapagbibigay ng mas maraming pagkakataon para sa mga mag-aaral na magsanay ng tamang paggamit ng Filipino sa pamamagitan ng mga word games exercises at group discussions.

Nakatutulong din ang suportang pangwika kaya't maganda na maglaan ng mga dagdag na materyales tulad ng vocabulary drills, at worksheets upang mas lalong mapadali ang pag-aaral ng mga salita at maunawan ng mas mabisa ang mga teksto. Ang patuloy na pagbabantay at pag-evaluate ay isa rin sa mga aspektong nararapat isaalangalang. Ang regular na pagsuri sa progreso ng mga mag-aaral upang matukoy ang kanilang kahinaan at mapagtuunan ng pansin ang mga aspeto ng pag-unawa na kailangang paghusayan. Iminumungkahi rin na ang pagpapaigting ng kumpyansa ng mga mag–aaral ay bigyang pansin. Hikayatin ang mga mag-aaral na huwag matakot magkamali at bigyang-pansin ang kanilang lakas sa paggamit ng Filipino upang mas mapalakas ang kanilang tiwala sa sarili sa pagsasalita at pagsusulat at pag-unawa.

TALASANGGUNIAN

1. *Abu Abeeleh, T. W., Al-Ghazo, A., & Al-Sobh, M. (2021). Reading comprehension problems encountered by EFL students at Ajloun National University. International Journal of Language and Linguistics.*
2. *Amira, F. (2018). The Implementation of RCRR (Read, Cover, Remember, Retell) Strategy to Improve Students Achievement in Reading Comprehension. Repository Universitas Muhammadiyah Sumatera Utara.*
3. *Caparos et al., (2024). Peer Up! (Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer Tutoring): Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga Mag-Aaral sa Sekondarya. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). 408-416. 10.36713/epra18256.*
4. *Dogra, B. (2022). What are context clues? https://kidsmartapp.co.uk/content/reading/context-clues-with-examples/*
5. *Deluao et al., (2022) Improving the Reading Comprehension of Grade 8 Learners using 4rs (Read, Retell, React, Reflect) Strategy.*
6. *Fernandez (2022). Reading and comprehension skills of primary learners in selected elementary school. International Journal of Multidisciplinary Research and Publications, 5(5), 149–155.*
7. *Gubalani et al. (2023). The effectiveness of peer tutoring in enhancing reading comprehension of ninth grade students. CJLS, 3(4), 75-89.*
8. *Gubalani, R., Perez, M., & Dizon, K. (2023). Pagsusuri ng pre-test at post-test sa reading comprehension ng mga mag-aaral sa sekondarya. Southeast Asian Journal of Educational Development, 7(3), 66–75.*
9. *Hakim, L. N., Putra, M. A. H., Arisandi, D., & Nasrah. (2022). The use of word wall media to improve students' vocabulary mastery. Journal of International Scholars Conference: Language & Humanities, 1(1), 60–70.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

http://journal.unhas.ac.id/index.php/jish/article/view/21042/8279

10. *Ellis, M. (2023). What are context clues? A guide to identifying and using them. https://www.grammarly.com/blog/writing-techniques/context-clues/*
11. *Idulog, M. (2022). Filipino students' reading abilities: A note on the challenges and potential areas for improvement. International Journal of Education and Teaching Zone.*
12. *Imam, O. A. (2016). Effects of reading skills on students' performance in science and mathematics in public and private secondary schools. Journal of Education and Learning, 10(2), 177–186.*
13. *Jawad, M. (2024). What are the benefits of having a large vocabulary? https://learnspell.com/having-large-vocabulary-benefits/*
14. *Jimenez & Ocampo (2022). Improving the Reading Comprehension Skills of Grade 5 Pupils Using Localized Reading Selections. Asian Journal of Language, Literature and Culture Studies.*
15. *Johnson, et al. (2020). Improving the reading comprehension of Grade 8 learners using 4Rs (Read, Retell, React, Reflect) strategy. https://airccse.com/ijhas/papers/7222ijhas05.pdf*
16. *Juarez. (2019). Action research. Scribd. https://www.scribd.com/document/429046421/Action-Research*
17. *King, A. (2023). The art of purposeful reading: Enhancing comprehension. https://www.usingenglish.com/articles/purposeful-reading-how-it-can-improve-comprehension.html*
18. *Kozikoğlu, İ. (2021). The relationship between students' learning styles, motivation, and academic achievement. Educational Research and Reviews, 16(3), 95–104.*
19. *Kung & Aziz (2020). "Action research on metacognitive reading Strategies instruction to improve reading comprehension. DOI: 10.18488/journal.23.2020.92.86.94.*
20. *Lambert, V. A., & Lambert, C. E. (2013). Qualitative descriptive research: An acceptable design. Pacific Rim International Journal of Nursing Research, 16(4), 255–256. https://he02.tcithaijo.org/index.php/PRIJNR/article/view/5805*
21. *Larombe, E. (2023). Effectiveness of contextualized learning materials in improving the reading skills and comprehension level of the students. https://www.researchgate.net/publication/369132825*
22. *Lastiri, L. (2022). What causes reading comprehension problems? (Important facts). https://irisreading.com/what-causes-reading-comprehension-problems-important-facts/*
23. *Le, H., & Huyen, V. (2019). Effects of using contextual clues on English vocabulary retention and reading comprehension. https://www.researchgate.net/publication/335979465*
24. *Lusianti (2020). A comparing study of students reading comprehension performance in two test formats multiple choice and open ended questions (causal comparative at eleventh grade MAN 01 Mukomuko Academic Year 2019/2020.*
25. *MagiCore. (2020). How to teach context clues effectively. https://magicorelearning.com/2020/02/how-to-teach-context-clues-effectively.html*
26. *Mariano et al. (2020). Paglalaan ng sapat na oras sa pagbasa: Epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Philippine Journal of Language and Literacy Education, 10(1), 22–30.*
27. *Muegna. (2024). The role of learning style preference and lexical inferencing strategies on the reading comprehension of education students: A mixed methods study. https://doi.org/10.36713/epra17104*
28. *Oktaviyanti, E., Rohbiah, T. S., & Rahmawati, E. (2024). Using context clues strategy on reading comprehension. Loquen: English Studies Journal, 17(2), 200–208. https://doi.org/10.32678/loquen.v17i2.10724*
29. *Pham, T. (2025). Context clues worksheets: Fun and easy vocabulary building for kids. https://worksheetzone.org/blog/context-clues-worksheets*
30. *Salim, H., Suryadi, S., & Erlangga, F. (2021). The effects of contextual clues within a picture of road signs on students' vocabulary mastery. https://doaj.org/article/3391e05641d54562ace1be3e4e0413a1*
31. *Stellar Teacher. (2023). Teaching context clues: A simple approach that works. https://www.stellarteacher.com/blog/teaching-context-clues-2/*
32. *Stevani, M., Prayuda, M. S., Sari, D. W., Marianus, S. M., & Tarigan, K. E. (2022). Evaluation of contextual clues: EFL proficiency in reading comprehension. English Review: Journal of English Education, 10(3), 993–1002. https://doi.org/10.25134/erjee.v10i3.7076*
33. *Widyaningsih, Y., & Ratmanida. (2023). Using context clues strategy toward students' reading achievement of the multimodal descriptive text in "Kurikulum Merdeka." Atlantis Press. https://doi.org/10.2991/978-2-38476-166-1_29*
34. *Yacoub, A. (2023). Reading difficulties: Top strategies for improving reading skills. https://www.forbrain.com/dyslexia-children/reading-difficulties/*